BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOLUME 1 NO. 26 10.00 MARCH 27 - APRIL 2, 2023

# PBBM challenges Pag-IBIG to help fund affordable housing

PRESIDENT FERDINAND MARCOS JR. had challenged the Pag-IBIG Fund to work closely with the Department of Human Settlements and Urban Development (DHSUD) in the government's plan to build one million houses every year.

The challenge was issued Tuesday, March 28 after the President praised the agency for having the highest dividend rates since the pandemic.

The President urged the organization to use this momentum to help with the housing shortage in the country.

Marcos claimed that the government is experiencing budgetary constraints and it needs the Pag-IBIG help to find effective strategies to ease the country's housing

*See page 2*

# Vice Mayor Rowena Bautista distributes financial aid to 133 Bacooreños



*City Mayor Rowena Bautista, at the center, with the cash assistance beneficiaries at the background. Below photos, Bautista personally hands over to two beneficiaries their cash gift assistance.*

**BACOOR City** – Vice Mayor Rowena Bautista led the distribution of financial aid to 133 residents "in crisis situation" at city government gymnasium on Tuesday, March 28.

The beneficiaries of Assistance to Individuals in Crisis Situation (AICS) include senior citizens, solo parents, victims of fire/floods, unemployed individuals, and persons with disabilities (PWDs).

Vice Mayor Bautista said the program was developed by the Department of Social Welfare and Development as a social safety net to support the recovery of individuals from unexpected crisis such as illness, or death of family member and other emergency situation.

In her message, the vice mayor said: "Ito po ay bahagi ng mga programa upang matulungan at maprotektahan ang mga kababayan natin na kailangan ng tulong ng ating pamahalaan."

Vice Mayor Bautista added that the city government of Bacoor led by Mayor Strike Bautista will strive hard to give those in need equal opportunities in basic services like food, medicine and other types of financial aid./ **ELI TAPARAN II**





# Carmona plebiscite on July 8

THE PLEBISCITE for the conversion of the municipality of Carmona, Cavite into a component city will be held on July 8.

Also, the Commission on Elections (Comelec) has announced that the campaign period for the exercise will start on June 3-8 to July 6.

During the campaign, it is prohibited to remove, destroy, deface, and tamper legit plebiscite propaganda materials.

Hiring of new employees, promoting, or giving salary increases, releasing public funds; vote-buying and vote-selling; and construction of public works are also banned during this period, the poll body said.

The plebiscite period will be from June 8 to July 15, during which the carrying of firearm and other deadly weapons; maintenance of reaction forces; transfer of officer or employee in the civil service; suspension of local elective officials; and illegal release of prisoners are likewise disallowed.

A liquor ban would be implemented while campaigning is prohibited on July 7, the eve of plebiscite day.

On plebiscite day, voters may cast their votes from 7 a.m. to 3 p.m.

# Honoraria sa Brgy-SK elections: gagawin P10K

TATANGGAP ng mas mataas na honoraria ang mga titser at iba pang magsisilbi sa darating na Barangay at Sangguniang Kabataan Elections (BSKE) sa Oktubre 2023.

Gagawin na itong P8,000, P9,000 at P10,000 mula sa dating P4,000, P5,000 at P6,000, sabi ni Commission on Elections (Comelec) Chairman George Garcia.

"Ipapares natin sa tinatanggap ng mga guro sa automated elections… Siyempre may tax pa rin po yun sapagkat hindi napagbigyan ang tax exemption ng mga guro na magsisilbi para sa halalan," sabi ni Garcia.

Itataas ang honoraria, sabi ni Garcia dahil sa malaking sakripisyo ng mga nagsisilbi tuwing may eleksiyon.

Pag-aaralan na rin ng Comelec ang suhestiyon ni Vice President at Education Sec. Sara Duterte na mas maagang ibigay ang honoraria ng mga magtatrabago sa BSKE./ **BETH S. JUNIO**

# CAVITEX, C5 LINK, and CALAX Prepares for Increased Traffic Volume for Upcoming Long Weekend

METRO Pacific Tollways South (MPT South), a subsidiary of Metro Pacific Tollways Corporation (MPTC), the toll road development arm of Metro Pacific Investments Corporation (MPIC), is gearing up in preparation for the influx of motorists for the upcoming five-day long weekend holiday from April 6 to April 10, 2023.

The toll road operator anticipates a 10% to 15% increase in traffic volume along its high-speed road networks, from an average of 160,000 daily travelers in the Manila-Cavite Expressway (CAVITEX), 16,000 in CAVITEX C5 Link, and 34,000 in Cavite-Laguna Expressway (CALAX), with many people looking to travel to their hometowns or take a short break.

To help motorists have a comfortable and stress-free trip, operations of MPT South will be placing its operations on 'high alert' status and reactivating the "Safe Trip Mo, Sagot Ko

*See page 2*



**Sen. Robin PADILLA**

## PDP-Laban payag amen-dahan ang Konstitusyon P2

## 20% discount sa burol, paglilibing dapat ibigay sa Senior Citizen: SC P2

## Cavite's only true destination: Tanza Oasis Hotel and Resort P8

# 20% discount sa burol, paglilibing dapat ibigay sa Senior Citizen: SC

KASAMA na sa 20% na dapat ibigay sa mga Senior Citizen ang mga serbisyo sa punerarya at paglilibing, ayon sa desisyon ng Supreme Court na inilabas nitong Marso 16.

Sa kasong Republic v. Pryce (GR No. 243133), sinabi ng SC na kasama sa 20-percent senior citizen discount ang serbisyo ng punerarya at paglilibing ayon sa Republic Act 7432, or the Senior Citizens Act, as amended by RA 9257 and 9994.

Nauna rito, pinaboran ng Cagayan de Oro City Regional Trial Court (RTC) ang kaso ng Pryce Corporation na ikinatwiring hindi kasama sa 20 % discount sa ipinatutupad na Implementing Rules and Regulations of RA 9994, or the Expanded Senior Citizens Act of 2010 ang bayad sa kabaong o urna, pag-embalsamo, serbisyo sa morge, sa paglilibing at iba pang serbisyo ng namatay na senior citizen.

Sa petisyong review on certiorari na isinampa ng estado sa pamamagitan ng Office of the Solicitor General, Office of Senior Citizens Affairs, at ng Department of Social Welfare and Development, isinaisantabi ng SC ang desisyon ng CDO RTC.

Ayon sa Korte Suprema, maraming dagdag na benepisyo na kaloob ang Senior Citizens Act na dapat na maibigay sa isang senior citizen -- Filipino na ang edad ay 60-anyos pataas.

Sabi ng SC: ang SC Act of 2010 ay nagdedeklara ng mga tuntuning nagbibigay buhay sa pagpapahalaga sa maraming ambag sa bansa.

Ang batas, ay naghihikayat sa pamilyang Pilipino at sa komunidad na pagtibayin at pahalagahan ang kinaugaliang pagkalinga at pagmamalasakit sa kapakanan at kabutihan ng mga nakatatanda (senior citizen).

("xxx that the Act was to give 'flesh to the declared policy of motivating senior citizens to contribute to nation building and encouraging their families and communities to reaffirm the Filipino tradition of caring for the senior citizens.'")

Sabi pa ng SC, walang ibinigay na tiyak at malinaw na kahulugan ang RA 9257 and 9994, sa pag-amenda ng Senior Citizens Act sa mga salitang "funeral and burial services".

Sa desisyon ng SC, sinabi na ang salitang "burial service" ay karaniwang ibig sabihin sa lahat ng serbisyo na tumutukoy sa iba pang serbisyong kaugnay paghahatid sa huling hantungan o paglilbing sa mga labi o bangkay ng tao.

Kasama rito ang paghuhukay, paglilibing sa bangkay, pagsesemento sa puntod, pati ang pagbuburol at iba pang seremonya sa paglilibing.

Paliwanag ng SC, ito ay sinusuportahan ng IRRs of RA 9257 and 9994 na tumutukoy sa mga tuntunin para sa pagpapataw ng 20 percent senior citizen discount sa punerarya at serbisyo sa paglilibing.

"A comparison of the IRRs of RA 9257 and 9994 shows that the two are 'substantially the same'." sabi ng SC./**ADELA R. ZAMORA**

# PDP-Laban payag amendahan ang Konstitusyon

SUPORTADO ng pamunuan ng PDP-Laban ang kagustuhan ni Sen. Robinhood 'Robin' Padilla na amendahan ang 1987 Constitution.

Ayon kay Melvin Matibag, PDP-Laban Secretary-General Melvin Matibag na mahigit sa 200 miyembro ng partido ang lumagda sa isang resolusyon na sumusuporta sa nais ni Padilla.

Pinasalamatan ng senador ang pamunuan ng PDP-Laban na tagapangulo nito si dating Pres. Rodrigo Duterte.

Isinusulong ni Padilla ang pagbuo ng constituent assembly (con-ass) sa pag-amenda ng saligang batas habang maraming kongresista ang nais na gawin ito sa pamamagitan ng constitutional convention (con-con).

Ayon kay Presidential Legal Counsel Juan Ponce Enrile masyadong magastos ang con-con sa pag-amenda ng saligang batas.

Aniya, uubos ito ng bilyon-bilyong piso.

"Masyadong pabigat ito sa taumbayan," sabi ni Enrile.

# PBBM challenges Pag-IBIG... from page 1

backlog of 6.5 million units.

He said that with the Pag-IBIG Fund's competent leadership and sound financial management, the agency can surely help the government in its goal to give decent and affordable housing for fellow Filipinos.

In it's report to President Marcos, the Pag-IBIG fund's regular savings went up by 6.53 percent, while the Modified Pag-IBIG 2 Savings went up by 7.03 percent for 2022.

Jose Acuzar, Pag-IBIG chairman and secretary of DHSUD reported to Marcos that the agency's processed home loan was the highest so far since the funding agency started operations 42 years ago.

Marcos claimed that the Pag-IBIG Fund was established under the presidency of his father, the late President Ferdinand E. Marcos Sr.

He hopes that the Fund will continue his father's legacy of quality public service.

The agency's net income hit a record high of P44.50 billion, a 28-percent increase from the previous year's P34.69 billion.

Pag-IBIG also reported record-high numbers for the year, including home loans of P117.85 billion, total savings from members of P79.90 billion, and loan payments of P127.42 billion.

Through Pag-IBIG's housing loan programs, 105,212 people got new homes, and its short-term loans helped over 2.61 million people.

At the end of the year, the agency's total assets were at their highest level, at P827.40 billion.

# CAVITEX, C5 LINK, and CALAX... from page 1

(SMSK)" motorist assistance program from 6AM of April 5 to 6AM of April 11, 2023 across its road network.

The program provides a range of services such as the provision of additional manpower for on-ground services such as traffic management and toll collection, standby emergency medical services, and incident response teams to render assistance to motorists.

Also under the SMSK program, the toll road operator will offer free towing for CLASS 1 vehicles (up to the nearest exit only).

The SMSK program in CAVITEX is being done in partnership with its joint venture partner, Philippine Reclamation Authority through its operator, PEATC. Motorists assistance is also made available through the following channels: 24/7 Customer Service Centers, 24/7 Customer Care Hotline 1-35000, and 24/7 social channels (Facebook: fb.com/cavitexpressway, fb.com/OfficialCALAX, and Twitter accounts: twitter.com/caviteXpressway, twitter.com/ OfficialCALAX) during this period.

"We always encourage our motorists to avail of the free Easytrip RFID and ensure sufficient load balance in their Easytrip RFID for smoother travel. This makes toll transaction quicker, more efficient, helping reduce traffic congestion especially now that we are almost at the pre-pandemic level and more cars are seen traversing the roads," urged Mr. Raul L. Ignacio, President and General Manager of MPT South.

"Easytrip RFIDs can now be used on all toll roads in Luzon," reminded Ignacio.

Motorists need only to enroll their Easytrip RFID to Autosweep to be able to use it on non-MPTC toll roads.

For a full list of Easytrip stations and their schedule, motorists may visit or Easytrip's official Facebook account (fb.com/ easytripPH).

# DOST-ITDI hold webinar on #PACKitGREEN

**VIGAN CITY, Ilocos Sur** – As part of the celebration of the women's month, the Department of Science and Technology Region I (DOST-I), through the Provincial Science and Technology Office – Ilocos Sur (PSTO-IS), in partnership with the DOST – Industrial Technology Development Institute (DOST-ITDI), conducted a webinar titled #PACTitGREEN: Green Packaging for Sustainable Future to Micro, Small, and Medium Enterprises (MSMEs) via ZOOM platform on 16 March 2023.

This activity aims to promote the packaging assistance and technologies of DOST-ITDI to the micro, small and medium enterprises or MSMEs and other interested parties or individuals.

It also served as venue informing them about the packaging and labeling trends that they can adopt to improve their products and businesses in order to compete in the market.

Engr. Jordan L. Abad, Provincial S&T Director of the PSTO-IS expressed his gratitude to all the resource speakers and participants who attended the webinar.

"Sama-sama po tayong makinig at matuto. Nawa'y magamit natin ang kaalamang ito upang lumago ang ating mga negosyo at makatulong din tayo in preserving our environment," Engr. Abad said.

Four experts were tapped as resource speakers during the webinar.

Darylle Jerome I. Ortiz, Science Research Analyst from the Packaging Technology Division of DOST-ITDI delivered a talk on the Introduction to Packaging.

On the other hand, Engr. Ericson T. Nolasco, Senior Science Research Specialist elaborated on the Distribution Packaging for Export while Elyson Keith P. Encarnacion, Supervising Science Research Specialist, presented the current and future research on packaging technology.

Lastly, Mary Joy P. Paico discussed various initiatives of the Packaging Technology Division of the DOST-ITDI on Sustainable Packaging and its services, highlighting the innovations in green packaging being developed in the institute.

Speaking to a total of 68 participants composed of MSMEs, representatives of the various agencies including DOST personnel from the different regions, women, students, faculty of various State Colleges and Universities (SUCs), and other individuals attended the webinar and gained insights on the latest trends in packaging materials./**LAURINE. R. SALES**






**Engr. Jordan L. Abad, Provincial S&T director of PSTO-IS**

# MMDA: All Systems Go for Inaugural Summer MMFF Parade of Stars



The Metropolitan Manila Development Authority (MMDA) is all set for the first Summer Metro Manila Film Festival (MMFF) Parade of Stars to be held in Quezon City on April 2.

Kicking off at 4 pm in Villa Beatriz, the Parade of Stars will showcase eight floats featuring each movie in this year's lineup: Apag; Singlebells; About Us But Not About Us; KahitMaputi Na AngBuhokKo; Unravel: A Swiss Side Love Story; Here Comes The Groom; Yung Libro Sa NapanuodKo; and Love You Long Time.

Two outer lanes from Villa Beatriz to North Zuzuarregui will serve as the staging area for the floats.

The parade, which will run for five kilometers, will then proceed to Quezon Memorial Circle via Commonwealth Avenue. The main event will take place at Liwasang Aurora.

With the expected crowd that will watch the parade, the MMDA will deploy a total of 780 personnel who will manage traffic and ensure the safety of the parade's attendees.

Quezon City, which will serve as the host city of the parade, will deploy a total of 1,202 personnel on the day of the parade to augment the MMDA's manpower.

Meanwhile, the MMDA and the Film Development Council of the Philippines (FDCP), under the leadership of its Chairman Tirso Cruz III, inked a memorandum of agreement for the partnership grant of P300,000 for each Summer MMFF film entry. The funding will help in marketing through the FDCP's CreatePH Films.

MMDA Acting Chairman and concurrent MMFF Over-all Chairman Atty. Don Artes encouraged the public to watch the parade in support of the first-ever Summer MMFF.

"With these preparations, we are hopeful that the Parade of Stars for our first Summer MMFF will likewise be a success. We are also looking forward for its good run in cinemas nationwide," he said.

The inaugural Summer MMFF will be shown in cinemas from April 8 to 18, in partnership with the Cinema Exhibitors Association of the Philippines.

The awards night is scheduled to take place on April 11 at the New Frontier Theater.



# Ma'am Pastora Costales, Sir Louie Rolle... mabalos, maraming salamat po!



Senator Raffy TULFO



SSS President Macasaet



**Sa Ganang Akin**

**by Adela R. ZAMORA**

TUNAY nga ang kasabihan, " Ang inilibing mo kahapon, hindi siyang maglilibing sa 'yo bukas."

Matalinghaga ito, tulad ng "Ang nasalubong mo sa iyong pag-akyat, siya rin ang masasalubong mo sa iyong pagbaba."

Sa bawat paggising natin sa umaga, ating ipagpasalamat ang bagong buhay, pagkat hinayaan pa ng ating Panginoon na bigyan tayo ng isa o higit pang mga araw ng ating buhay, ito ay kahit pa marami tayong tiisin at dinadalang problema.

Ibig sabihin lang nito, mahal na mahal tayo ng Amang Lumikha sa atin, at sa ibinuhos na dugo ng ating Panginoong JesuCristo, na sinabi: "Call unto me and I will answer thee.

At sinabi Niya, kung saan naroon ang dalawa o tatlo taon na nananalangin, Siya, ang ating Panginoong JesusCristo ay nasa gitna nila.

Pero kung nagsosolo ka sa pananalangin, naririnig ka, at gagabayan ng ating Panginoon, at ito ay lubos kong pinanampalatayahan na nangyayari sa akin.

Sa marami kong problema, tulad ng claim ko sa benepisyong naiwan ng aking yumaong anak, si Francisco 'Francis' Zamora at sa panawagan ko kay Social Security System (SSS) President/Chief Executive Officer Rolando Ledesma Macasaet, nararamdaman ko, kumikilos ang kapangyarihan sa langit upang maibigay ang dapat na matanggap ko mula sa ambag ng aking anak, ito ay dahil ako na lamang ang only one o nag-iisang legal claimant.

Nakita ko, si Idol Senator Raffy Tulfo na nananawagan sa SSS na yung mga claim, processing ng mga documents ng mga pensiyonado, contributor at beneficiaries na tulad ko ay 'wag nang pahirapan pa.

Tama, kasi pera iyon na ipinagkatiwala ng mga miembro at hindi tama na kahit kumpleto na sa lahat ng reuquierments, pinagtatagal pa at pinagmumukhang kaawa-awa ang mga claimants.

May pangyayari na ang isang bagong pensioner ay sasabihan na may utang daw o loan na ginawa at ipakikita pa sa computer na hindi raw bayad, pero sa totoo, wala ni isang singkong duling ang new pensioner.

sundan sa pahina 6

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1, Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369

Founder: HENRY E. CAOILE
Publisher: DOMZ B. CAOILE
Editorial Consultant: ELI TAPARAN II
Special Projects Director: ADELA R. ZAMORA
Copy Editor: LUKAS DA SILVA
Chief of Reporters: GENE TAPARAN TAN
Contributing Writers: LOD BELTRAN
NOLI LIWANAG
ED 'MUTO' G. CUENCA
JOJO SICAT
Contributing Editor: RUEL FRANCISCO
Art & Production Manager: ART BEJASA

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin ang mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

member papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*

# WOMEN'S PURPLE RUN SA GENTRI




*Mayor Jon-Jon Ferrer and Vice Mayor Jonas Labuguen and other GenTri City government officials joyfully greet at mingle with hundreds of Purple Ladies. Mabuhay ang Kababaihan.*














**ni DOMZ B. CAOILE –** Bilang pagkilala at pakikiisa sa selebrasyon ng National Women's Month, ginanap sa General Trias City nitong nakaraang linggo ang unang takbuhan ng kababaihan na tinawag na "Women's Purple Run."

Ang okasyon ay pinangunahan ni City Mayor Jon-Jon Ferrer, kasama ang kanyang maybahay, Mrs. Monetter Ferrer, pati si Vice Mayor Jonas Labuguen at maybahay, Ms. Lorie Labuguen at mga konsehal ng Sangguniang Panlungsod, at iba-ibang samahang sibiko at mga nakiisang kawani ng lokal at pambansang pamahalaan sa Cavite.

Kasama sa aktibidad ang panawagan ng pamahalaang lokal ng pagkakapit bisig para sa pantay ng karapatan ng lahat sa ating lipunan.

"Let's Join Forces for Gender Equality & Inclusive Society!" sabi ng panawagan. / Mga larawan kuha ni Robert Sarayba.





# Mayor AA nagkaloob ng cash aid sa mga kababayang Imuseños



*Narito kami para maglingkod sa inyo: Ito ang sinabi ni Mayor AA Advincula sa harap ng maraming kababayang Imuseño na binigyan ng tulong pinansiyal. Sa larawan, kasama si Vice Mayor Homer 'Saki' Saquilayan, at mga konsehal ng siyudad, ipinangako ng alkalde na tuloy-tuloy ang maaksiyong serbisyong ipinagkakaloob ng lokal na pamahalaan upang maiangat ang buhay at kabuhayan ng mga Imuseño.*

**IMUS City –** Kasama ang si Vice Mayor Homer 'Saki' Saquilayan, mga konsehal ng siyudad, pinanguahan ni Mayor Alex 'AA' Advincula ang pamamahagi ng cash assistancesa 613 kababayang Imuseno sa Sports Complex, Martes, Marso 28.

Sa kanyang opisyal na Facebook page, sinabi ni Mayor Advincula na ang pagkakaloob ng tulong pinansiyal na dahil sa tulong ng opisina ni Congressman AJ Advincula at ng lokal na opisina ng Department of Social Welfare and Development (DSWD)..

"Ipinaaabot ko po ang aking pasasalamat sa DSWD sa pakikipagtulungan ng opisina ni Cong. AJ Advincula," sabi ng alkalde.

Sa maraming pagkakataon, laging pinasasalamatan ni Mayor Advincula ang mga kababayan sa pagtitiwalang ibinigay sa kanya at mga kasama sa pagkakataong makapaglinkod sa mamamayan.

"Kami po ay naririto upang tulungan kayo... Your officials are here for you," madalas na sinasabi ng alkalde.

Ipinangako ni Mayor Advincula ang patuloy na pagtulong sa mga kababayan, lalo na sa panahon ng krisis.

"Makakaasa po kayo na patuloy ang pamamahagi ng mga tulong sa mga kababayan nating nasa laylayan," sabi ng alkalde.

Ang programa ay bahagi ng programang #AAngatAngImus, #AlagangAdvincula. /**DOMZ B. CAOILE**





# SM Supermalls chief Steven Tan is People of the Year awardee









SM Supermalls president Steven T. Tan was one of the People of the Year awardees at the recent PeopleAsia People of the Year 2023 awards night at The Hilton Manila.

In his acceptance speech, Tan said that the true People of the Year awardee is his SM family, from the Sy family for all their guidance and support, to his hardworking colleagues and tenant partners.

He also dedicated his award to his mother, Juanita Tan, and the many strong and powerful women who inspired him.

# GROUNDBREAKING FOR CAUAYAN CITY'S 'KIST' PARK

THE head of the Department of Science and Technology (DOST) and other government officials, led the groundbreaking ceremony for the Knowledge, Innovation, and Science and Technology (KIST) Park in San Pablo, Cauayan City in Isabela on March 24.

DOST Secretary Dr. Renato U. Solidum Jr. along with Isabela State University (ISU) president Ricmar P. Aquino, Cauayan City Mayor Caesar Dy Jr., DOST Undersecretary for Regional Operations, Engr. Sancho A. Mabborang and DOST Region 2 Regional Director Virginia G. Bilgera were all present for the ceremony.

The KIST Park is a pioneering initiative of the City of Cauayan that aims to establish a center of excellence for research, innovation, and entrepreneurship in the field of science and technology.

With cutting-edge facilities and a thriving ecosystem of academic and business partners, the KIST will serve as a regional hub for research, technology transfer, and enterprise growth.

KIST will not only revolutionize the field of science and technology in the region but also create new opportunities for research, innovation, and entrepreneurship.

"Throughout the years, you have seen how you progress through science, technology and innovation. It has grown into a very strong relationship and what a solid testament that the embrace is now sealed with a kiss. See what partnership can do for economic development?" Solidum said.

The groundbreaking ceremony will be part of DOST's platform for technology transfer and commercialization of technologies in Cagayan Valley.

This will also nurture and spur the Cagayan Valley's growth of new high-tech firms, facilitate the transfer of university know-how to locator-companies, encourage the development of spin-offs or student-based spin-offs and stimulate the development of innovative products and processes.

KIST Park is a project of the university in partnership with the Philippine Economic Zone Authority (PEZA).

*See page 7*



# 4 EDCA sites, ikakalat

IKAKALAT sa timog at hilagang parte ng bansa at sa Palawan ang apat na bagong ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) na gagamiting kampo ng magkasamang tropa ng kawal Pilipino at kawal Amerikano.

Sinabi ito ni Presidente Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr. sa media sa pagdalo niya sa pagdiriwang sa Taguig City sa ika-126 taon ng pagkatatag ng Philippine Army.

Sinabi ni Marcos na layunin ng paglalagay ng bagong lugar ng EDCA upang palakasin ang depensa ng bansa.

Naipaliwanag na rin, sabi ng Pangulo sa mga lokal na opisyal na mahalagang mapagtayuan ng EDCA sites dahil makabubuti sa kanilang probinsiya.



President MARCOS Jr.

Aniya pa, ang mga lokal na opisyal na dating tutol sa EDCA ay sumuporta na rin matapos na maipaliwanag ang kabutihang dulot niyon sa sekuridad ng kanilang nasasakupan.

Nitong nakaraang pumayag si Marcos sa hiling ng US na maglagay ng mga sundalo sa apat pang kampo militar ng Pilipinas, bukod sa dati nang lokasyon sa ilalim ng EDCA.

Sa EDCA, pinapapayagang magtayo ng mga pasilidad militar ang sundalong Amerikano, maglagay ng mga gamit pandigma, eroplano, at barko.

Pero bawal na gawing pamalagiang base militar ng US ang naturang kampo ng EDCA.

Batay sa kasunduan, magtatayo ng pasilidad miitar ang US sa Cesar Basa Air Base sa Floridablanca, Pampanga; Fort Magsaysay Military Reservation sa Nueva Ecija; Lumbia Airfield sa Cagayan de Oro City; Antonio Bautista Air Base sa Puerto Princesa, Palawan; and Benito Ebuen Air Base sa Cebu.

Sa EDCA, magkabalikat na magsasanay sa mga paraan at taktika ng digmaan ang mga kawal US at kawal ng Pilipinas.

# Ma'am Pastora Costales... *mula sa p.3*

Iipitin, pagtatagalin ang release ng monthly o lumpsum pension, hanggang sa pumayag na lang ang pensioner na bayaran ang utang na hindi naman niya talaga inutang.

Tulad ng isang kaibigan at mabait na weekly paper publisher na ayaw i-release ang pension kasi may utang daw na ilang daan libong piso sa isang SSS branch.

Mabuti at nag-verify sa main office ng SSS, Sir Pres. Macasaet, at natuklasan, gawa-gawa lang ng SSS branch na palabasing may utang si Madam publisher para kung pumayag na bayaran ang utang na hindi naman inutang, e ang mangyayari, ang mga kawatan sa SSS branch ang makikinabang sa maiiwang pera na "utang" daw na kakaltasin sa pera biktimang pensioner.

Kaya po, Sir SSS President Macasaet, Sir Raffy Tulfo at aming Caviteno Sen. Bong Revilla at Sen. Francis Tolentino, please po, pakibusisi, kastiguhin po ang mga korap sa SSS na yan.

@@@

Nais kong mapasalamat sa butihing Homeowners Association (HOA) President dito sa naiwang bahay ng aking anak na pinatay, si Joselito Zamora na more than two years na, hindi pa malaman kung sino-sino ang killers.

Gawa na wala akong trabaho at hindi ko pa makuha ang pension ni Francis sa SSS, hindi ko nagawang mabayaran ang monthly bill ng Meralco at hindi ko makita ang mga resibo ng mga binayarang konsumo sa koryente.

Kasi gamit ang GCash kung magbayad noon si Lito na isang Barangay Kagawad noong nabubuhay pa.

Sa pamamagitan ni Madam HOA Pres. at religious Pastor Susan Costales, napakiusapan na 'wag munang putulin ang electric lines ng bahay, kasi mahirap sa isang 80-year old na nabubuhay nang mag-isa na lamang na madilim ang kapaligiran at kung walang koryente, paano ko magagawa ang dapat gawin, tulad ng pagsusulat ko, kahit paano ng kolum na tulad nito.

Salamat din po kay Mr. Louielfredo Guzman Rolle na noong pre-Martial Law ay pangulo ng Kabataang Barangay.

Ang batambatang si Rolle noon ay naglilingkod sa opisina noon ni dating First Daughter now Senator Imee Marcos, at ngayon si Rolle ay nasa opisina ng ating makisig na Justice Sec. Jesus Crispin 'Boying' Remulla.

Salamat po at ibinigay sa akin ng Amang Diyos si G. Louie Rolle na siya at si Pastora Susan Costale (ng Bulacan na dito ngayon ako pansamantalang naninirahan), nabawasan ang alalahanin at matinding stress ko na tumulong sa problema ko sa Meralco.

Mabalos, maraming salamat po sa kaloob na pabor ang ating Father God na lamang ang siyang magpapala sa inyo.

Siyempre sa aming BantayBalita publisher, Sir Domz Caoile na marami nang problema at kay Sir Kuya Eli Taparan, aming editorial consultant at editor ay matiyaga at walang sawa sa pagbibigay ng tulong sa tulad kong amoy lupa narin.

Kapwa may dinaramdam na sakit sina Sir Domz at si Sir Kuya Eli na may cancer pa, pero walang sawa sa pagtulong sa akin, kaya sa inyo po, Madam HOA Pres. Pastora Susan Costales, Sir Louie Rolle, Sir Domz at Sir Eli, aka Kuya Banong, mabalos, ang Amang Diyos na lamang po ang sa inyo ay magpapala.

# Job Caravan in Maragondon










THE third leg of "Trabaho sa Kabataang Kabitenyo" mega job fair caravan was conducted on March 29, 2023 at Maragondon Town Plaza spearheaded by the Cavite Provincial PESO in collaboration with the Sangguniang Kabataan Provincial Federation.

Mr. Noah M. Caasi, Maragondon municipal administrator, said that the caravan is aimed to provide career prospects for Cavite youth.

He emphasize the importance of employment creation for the youth in his message of support for the caravan, while, Ms. Rizalie P. Enero, PPESO head and Mr. Rodel Vincent T. Bae, head of the Provincial Youth and Sports Development Office (PSYDO), also gave brief statements encouraging participants to take advantage of the job fair and underscoring the government's commitment to assisting young people in obtaining work.

The job fair caravan featured booths from various companies and industries, including AQUAVIR International, Inc., Building Better Lives Manpower Services International, Inc., Caishen Marketing Service, Inc., DLB International, Inc., Enomoto Philippines Manufacturing, Inc., Eyequest International Manpower Services, Inc., House Research & Development (HRD) Singapore Pte., Ltd., Lazurite Titanium 8 Life Insurance Agency, Inc. (PRU Life UK), Lead Resource Management Corp., Pasig Industries, Inc., Philippine Seven Corporation, Powerlane Resource Corp., Sanford Marketing Corporation (SM Savemore Market) - EPZA, Star World International Manpower & Placement Agency, Inc., and Synergy Experts Labor Service Cooperative.

In total, 3524 job vacancies for local employment were offered.

Likewise, Police and NBI clearance processing were also offered at the caravan./- **PICAD**

# Paglalakad pampahaba ng buhay

MAY malaking pakinabang sa kalusugan ang paglalakad, at ito ay nakatutulong sa paghaba ng buhay.

Ang obserbasyong ito ay inilathala sa JAMA Network Open mula sa ginawang pagsasaliksik na ginawa sa 3,100 may edad na Amerikano.

Ayon sa mga researcher mula sa Kyoto University at University of California, Los Angeles, natuklasang ang tao na naglalakad ng mahigit sa 8,000 hakbang minsan o dalawang araw sa isang linggo ay malaki ang tsangang mabuhay ng mahigit sa 10 taon.

Kung maglalakad ng tatlo o higit pang araw sa loob ng sanglinggo, mas hahaba pa ang buhay, ayon sa pag-aaral.

Mas mainam na paraan ng ehersisyo ang paglalakad, lalo na sa mga nasa edad 65 o higit pang taon.

Mas maliit ang tsansa na magkasakit sa puso ang naglalakad ng 8,000 o higit pang hakbang ng dalawa o higit pang araw sa sanlinggo, sabi sa pag-aaral.

Malaki ang naitutulong sa mga may sakit sa puso, may diabetis, high blood pressure, obese at mga nagdaranas ng depresyon, sabi sa pag-aaral.

# Ligtas na inuming tubig, maayos na kasilyas problema ng 11-M pamilyang Pilipino

**ni LOD BELTRAN –**

Mahigit sa 11 milyong pamilyang Pilipino -- sa labas ng Metro Manila at malalayong probinsiya ay sa poso at bukal sa ilog at sapa para sa kanilang inuming tubig, ito ang inireport sa ginawang pag-aaral ng National Water Resources Board (NWRB).

Inamin ni NWRB Executive Director Sevillo David na mapanganib ang pag-inom ng tubig mula sa mga poso, sapa, ilog at maging tubig ulan dahil posibleng may taglay na bakterya, kemikal o dumi na makapipinsala sa kalusugan.

Bunga nito, iniutos ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. ang pagtatag ng Water Resources Management Office para pangasiwaan ang kakapusin sa malinis na inuming tubig, at aaksyon para mapangalagaan ang mga lawa, ilog, sapa at iba pang pwedeng pagkunan ng tubig-tabang.

Sa Senado, umaksiyon si Sen. Joel Villanueva sa paghaharap ng Senate Bill 1048 (Safe Drinking Water Act) na oobliga sa mga water concessionaires na magsumite ng plano para tiyaking may kalidad at ligtas inumin ang tubig na isinusuplay sa mga consumer.

Nais din ni Villanueva sa iniakdang SB 2013 (National Water Act) ang paglikha ng Department of Water Resources at Water Regulatory Commission.

# "Yang system loss ng Meralco

mula sa P8

Alam nyo ba, mula nang maitayo ang PACe, mahigit nang 57, 728 action document ang natanggap nito na, 20.08% nito ay request paa sa gamot, pambayad sa medical procedure at hospital bill, burial asssistanc e at iba pa.

Mabuhay po kayo riyan sa PACe at PHD!

@@@

Ay,talaga namang ang sipag ng ating Gen. Mariano Alvarez Mayor, Maricel E. Torres sa pagbibigay ng ayuda, livelihood opportunities at pagkakaloob ng basic services sa kanyang mga kababayan.

Marami ang natutuwa kasi, iyung educational assistance, scholarship program at iba pa, patuloy na pinakikinabangan, pati ang ayuda sa mga seniors, PWD, solo parents.

Kamakailan, naging panauhing tagapagbigay inspirasyon si Mayor Torres sa ginanap Women"s Month Symposium for the Youth tungkol sa "Mainstreaming Gender-Inclusive Advocacies Empowerng Young Women of GMA.

Ginanap iyon sa Agila Hall, GMA sa pinangunahan ng EASY-P at ng Local Youth Development Council A.

Dahil isang ina ng bayan at maalaga sa kanyang pamilya, ibinahagi ni Mayor Maricel ang kanyang suporta sa pagkapantay-pantay ng lahat, anoman ang kasarian, at higit ang malasakit sa mga karapatan ng mga babae.

@@@

Ang suwerte naman ng 1,400 na parents ng Kawit na tumanggap ng educational assistance para sa kanilang mga estudyante,ito ay mula kay Dist. One Cong. Jolo Revilla.

P2000 ay ibinigay para sa Grade 1-8, at P3000 sa Grade 9-12.

Sarap talagang maging residente ng Distrito Uno,

Magkomento sa domzcaoile@yahoo.com



*Cong. Jolo Revilla at maybahay, beauty queen, Angelica Alita*

# GROUNDBREAKING FOR CAUAYAN CITY'S 'KIST' PARK

from P5

PEZA said that the innovation park is one of its premier initiatives and aims to create sustainable economic zones for the growth of the corporate and retail sectors based on the idea of rural community development.

In a previous meeting, ISU and PEZA discussed the long-term masterplan that will establish an innovation site at ISU Echague Main Campus, ISU Roxas Campus, ISU Ilagan Campus and ISU Cabagan Campus. "It has been the dream of Isabela State University to establish this KIST Special Economic Zone. ISU is an ideal place for the establishment of the KIST Park because we have a lot of experts who are innovators and technology generators. There will be a merging of academe and industry that will help the entire province of Isabela, the entire region as well, develop their economies," Aquino had then said.

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE

NOTICE is hereby given that the estate of the late **JULIO CENIZAL AND ROSARIO YUSON,** who both died intestate in Tanza, Cavite on April 13, 1988 and June 19,1962, left a parcel of land located in Brgy. Biga Munti Tanza, Cavite with an area of 48,388 covered by Transfer Certificate of Title No. ("TCT") No. 19832 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Earl Alfrted B. Reyes, under Doc. No. 470, Page No. 95, Book No. XVI, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MARCH 20, 27 & APRIL 3, 2023**

## DEED OF EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF ANTONIO PULIDO

NOTICE is hereby given that the estate of the late **ANTONIO PULIDO,** who died on instetate on March 27 2016 at Las pinas City, left a parcel of land covered by Transfer Certificate of Title no. (T-3630) RT-9559 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Augustine Caesar Bañares, under Doc. No. 229, Page No. 47, Book No. 17, Series of 2018.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MARCH 20, 27 & APRIL 3, 2023**

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF DECEASED ROSALES ROCILLO WITH ABSOLUTE ASLE

NOTICE is hereby given that the estate of the late **ROSALES ROCILLO,** who died on instetate on OCTOBER 27, 2002 AT MENDEZ, CAVITE, left a parcel of land situated in brgy. Mahabang Kahoy, Balagbag, Indang, cavite coverd by Tax Declaration AA-10-0029-01296 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jasper C. Sales, under Doc. No. 391, Page No. 80, Book No. 12, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MARCH 27, APRIL 3 & 10, 2023**

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE

NOTICE is hereby given that the estate of the late **RODALINO GALVEZ BANTUGAN,** who died on 03 December 2017, in Dasmarinas City,, Cavite, left a parcel of land with improvements thereon herein covered by Transfer Certificate of Title No. 057-2017029273 & Transfer Certificate of Title No. 057-2012004537 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Epifanio M. Almeda CPA, under Doc. No. 167, Page No. 35, Book No. LXXXIV, Series of 2021.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MARCH 27, APRIL 3 & 10, 2023**

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF DECEASED PERSON LUCITA F. PEJI

NOTICE is hereby given that the estate of the late **LUCITA F. PEJI,** who passed away on November 16, 2011 at alfonso, cavite, left certain parcel of land situated in the Brgy. of sinaliw malaki, Alfonso, Cvite containing an ar ea 9,943 square more or less embrace with tax Declaraiton No. AA-01-0026-01135, Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Elpidio M. Paligutan, under Doc. No. 245, Page No. 50, Book No. i, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MARCH 13, 20 & 27, 2023**

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE OF THE DECEASED PERSON MARIA BOCOD/MARIA BUKOD/MARIA BUCOD

NOTICE is hereby given that the estate of the late **MARIA BOCOD/MARIA BUKOD/MARIA BUCOD,** who died on April 22 1998 at Barangay Kaysuoy, Alfonso, Cavite , left a parcel of land embraced by Katibayanng Orihinal na Titulo Blg. Op-3966 with an area of 6278 square meters Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Gabriel B. Octava, under Doc. No. 271, Page No. 55, Book No. V Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MARCH 20, 27 & APRIL 3, 2023**

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF DECEASED PERSONS WITH WAIVER OR RIGHTS

NOTICE is hereby given that the estate of the late **TRIAS DIMAPILIS RORALDO ,** who died on March 28 2004 in tagaytay City and **LYDIA FERMA VDA DE RORALDO**, who died intestate on Mrch 11, 2022 in tagaytay city, left a share parcel of land located at guinhawa North, Tagaytay Ciyt consisting of 35,571.00 covered by Tax Declaration no. 2011-000007-00460 of the city Assesor of Tagaytay Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Gary Camitan Aure, under Doc. No. 110, Page No. 22, Book No. XCIV, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MARCH 13, 20 & 27, 2023**

## AFFIDAVIT OF SELF-ADJUDICATION

NOTICE is hereby given that the estate of the late **LEONARDA NOVELO ANGELES AND MELCHOR ANGELES ANGELES,** who died on February 8, 1990 and April 27, 2002, left parcels of land covered by Transfer Certficiate of Title No. T-498796; Tax Declaratioon No. AA-13-0022-00484; and Tax Declaration No. AA-13-0022-00485 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jasper C. Sales, under Doc. No. 491, Page No. 100, Book No. 12, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MARCH 13, 20 & 27, 2023**

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 26 | 10.00 | MARCH 27 - APRIL 2, 2023

# "Yang system loss ng Meralco



REVANZE
by Domz B. CAOILE

PANAWAGAN sa Energy Regulatory Commission (ERC), pakipaliwanag kung bakit kailangang sa consumer dapat kuhanin ang lugi ng Meralco sa system loss na kagagawan ng mga residential and commercial establishment na nagnanakaw ng koryente, gamit ang "jumper" at iba pang electrical devices.

Bakit kailangan na sa consumer sisingilin ang tulad ng voltage capacity, load density, delivery services, cost of service, load density at kung ano-ano pang singilin.

Bakit ipapatong sa aming consumer ang cost of service at delivery services, pati ang pagtaas ng halaga ng piso sa dolyar gayong pag lumakas ang piso sa dolyar, hindi naman ibinabawas sa aming electric bill.

'Yang system loss ay malaking kalokohan: mantakin nyo, dear readers, 'yung koryenteng ninakaw o ginamit ng mga pinutukan ng kulog -- na hindi tayo ang gumamit, tayo ang nagbabayad!

Halimbawa: nasa restoran ka, na nakiinom ka lang ng tubig, bigla, ang kinain ng ibang customer, ikaw ang pagbabayarin!

Ewan ko ba kung bakit ang ating mambabatas e hindi ito pinapansin at hinayaan lang ang tulad ng Meralco na patuloy na gatasan ang milyon-milyong customer ng Meralco.

More on this, next issue.

@@@

Ay salamat po, Mr, President Marcos Jr. at itinayo nyo po ang Presidential Help Desk (PHD) na tutugon sa mga hinaing, reklamo at mga request for financial at medical assistance na ipinadadala sa Office of the President (OP).

Nitong Marso 21, base sa Executive Order no. 20, ang Presidential Help Desk ay siyang magiging katuwang ng Presidential Action Center (PACe) sa mga kahilingan, mga reklamo ang iba pang problemang inilalapit sa OP. *sundan sa p.7*




***Sa gitna, GMA Mayor Maricel E. Torres kasama ang mga lumahok sa Women's Month Symposium.***

# Jolo Revilla, atbp, Top Congressmen ng Calabarzon




CAVITE 1st District Rep. Jolo Revilla; Batangas 6th Dist. Rep. Ralph Recto; Laguna 3rd Dist. Rep. Amben Amante; Quezon 2nd Dist. Rep. Jay-jay Suares at Antipolo City 1st Dist. Rep Robbie Puno.

Sila ang lima sa kinilalang Top Congressmen ng Cavite, Laguna, Batangas, Rizal at Quezon (Calabarzon) na kinilala sa mahusay na trabaho sa Kongreso, batay sa pagsusuri at survey na ginawa ng The RP-Mission and Development Foundation Inc. (RPMD) sa unang apat na buwan ngayong 2023.

Ayon sa RPMD, nanguna sa Calabarzon si Revilla na nagkamit ng pinakamataas na 91.7% performance score.

Sinundan siya ni Ralph Recto na kumuha ng 91.2%; kasunod si Amante, na 89.4%; Suarez, 89.2% at Puno, 89.1% rating.

# Cavite's only true destination: Tanza Oasis Hotel and Resort

Tanza Oasis Hotel and Resort is Cavite's only true resort destination, offering the perfect mix of exceptional resort accommodations, service, comfort and a classic Filipino hospitality.

Just one hour away from busy life of Metro Manila: Discover a hotel that is modern as well as classically elegant.

Tanza Oasis Hotel offers the largest themed Swimming Pool in the area, that will cater adults and loved by the kids.

Also, the resort stands as the premier meeting center for international clientele and businessman alike with meeting, convention and outdoor function space.

The Hotel offers 5 different room types to suit the visitors and it has Safari Themed Swimming pool which is equipped with 3 exciting giant pool slides for those who want some action and play.

For superb dining experience, the hotel has two restaurants -- Shang Garden Restaurant and Sagobe Bar themed and elegantly designed for everyone's ambiance, with proper lighting to give a feeling of warmth.

Visitors will surely experience superior luxury, subtle elegance and personalized services and much more.

The Oaisis is located at Kilometer 41 A. Soriano Highway, Barangay Capipisa, Tanza, Cavite.

Phone: +63 46 4388 488 to 89; Manila Line: +63-02-85844628.

Email: reservations@ tanzaoaisis.com







